Ang Kailangan Mong Malaman tungkol sa


# Screening ng Kanser sa Suso



- **Ang kanser sa suso ay ang pangalawang nangungunang sanhi ng pagkamatay dahil sa kanser sa kababaihan sa Estados Unidos**
- **Para mapangalagaan ang iyong kalusugan, kailangan mong magpa-screen nang regular, kahit na hindi masama ang pakiramdam mo o kahit na wala kang nararamdamang anumang pananakit.**

## Alamin kung kailan ang tamang panahon para magsimulang magpa-screen ng kanser sa suso.

Sa edad 40, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung kailan ka dapat magsimulang magpa-mammogram



Sa edad 50-74, pag-isipang kumuha ng mammogram kada 2 taon

## 2 paraan para magpa-screen ng kanser sa suso:

### Klinikal na Pagpapasuri ng Suso



Ang klinikal na pagpapasuri ng suso ay isang pagsusuring ginagawa ng iyong doktor o nars, gamit ang kamay niya para mangapa ng bukol o ng iba pang pagbabago.

### Mammogram



Ang mammogram ay isang X-ray ng suso. Ang mammogram ay ang pinakamainam na paraan para maagang matuklasan kung may kanser sa suso, kapag mas madali pa itong gamutin at bago pa ito lumaki nang sapat para magpadama o magdulot ng mga sintomas.

**Walang insurance? Maaaring angkop kang makatanggap ng isang LIBRENG pagpapasuri at screening ng kalusugan kung ikaw ay:**

- ✓ hindi kwalipikado para sa Apple Health o Medicare
- ✓ edad 40 hanggang 64, o bago mag-40 kung may history sa pamilya
- ✓ walang insurance sa kalusugan
- ✓ may mababang kita
- ✓ may malaking halagang ibinabawas para sa mga follow-up na test
- ✓ Inakatira sa King, Kitsap, Clallam, at Jefferson Counties

## Magpa-screen ng Kanser sa Suso

Para alamin kung kwalipikado ka para sa isang libreng screening, tumawag sa Community Health Access Program (CHAP, Programa sa Pag-access ng Kalusugan ng Komunidad) **sa 1-800-756-5437**

Public Health
Seattle & King County

Breast, Cervical & Colon
Health Program
Saving Lives Through Early Detection